
	<b>TAMANG SAGOT (TS)</b> <b>Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular</b>	
	<b>Circular No.</b>	2024 – 0030
	<b>Title</b>	<b>Quality Standards on the Diagnosis and Management of Acute Stroke as Reference of the Corporation in Ensuring Quality of Care</b>

Tanong	Sagot
1. <b>Ano ang nilalaman ng PhilHealth Circular ?</b>	Mga patakarang sa angkop na pangangalaga ng mga pasyenteng may karamdamang acute stroke (ischemic o hemorrhagic).
2. <b>Ano ang Acute Stroke?</b>	Isang cerebrovascular na kundisyon o “atake sa utak” sanhi ng pagbabara o pagkasira ng daluyan ng dugo dahilan para maapektuhan ang supply ng dugo sa utak. Ang mga senyales at sintomas ng pagbabara ay karaniwang maobserbahan sa loob ng 6-72 hours.
3. <b>Ano-ano ang mga clinical diagnosis ng isang pasyenteng na-stroke?</b>	<ol style="list-style-type: none"> <li>1. Ang mga ito ay batay sa clinical history, physical examination at neurologic assessment.</li> <li>2. Mga mahahalagang impormasyon tungkol sa pasyente: <ol style="list-style-type: none"> <li>a. Oras na nasaksihan ang sintomas ng acute stroke o huling oras na nasa maayos na kalagayan ang pasyente.</li> <li>b. Mga aktibidad ng pasyente bago magkaroon ng sintomas ng acute stroke.</li> <li>c. Bahagi ng katawan na unang naapektuhan.</li> <li>d. Gaano kabilis o kabagal ang paglala ng neurologic deficit o abnormal na pagkilos ng isang bahagi ng katawan.</li> <li>e. Iba pang sakit ng pasyente tulad ng hypertension, sakit sa puso, o diabetes.</li> <li>f. Mga iniinom na gamot.</li> <li>g. History ng mga operasyon, kung mayroon.</li> </ol> </li> <li>3. Iba pang mga sintomas tulad ng pagmamamhid o panghihina o pagkamanhid ng mukha, braso, at binti, pagkalito, malabong pananalita, pagkahilo, pagkawala ng balanse/ koordinasyon at matinding pananakit ng ulo.</li> </ol>
4. <b>Ano-anong mga pagsusuring kailangang isagawa sa pasyenteng na-stroke?</b>	<ol style="list-style-type: none"> <li>1. Agarang inirerekomenda ang mga sumusunod na diagnostic tests sa mga pasyenteng pinaghihinalaang may acute stroke: <ol style="list-style-type: none"> <li>a. Complete Blood Count (CBC)</li> <li>b. Glucose level (Capillary Blood Glucose or Random Blood Sugar)</li> </ol> </li> </ol>

	<b>TAMANG SAGOT (TS)</b> <b>Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular</b>	
	<b>Circular No.</b>	2024 – 0030
	<b>Title</b>	<b>Quality Standards on the Diagnosis and Management of Acute Stroke as Reference of the Corporation in Ensuring Quality of Care</b>

	<ul style="list-style-type: none"> <li>c. Coagulation studies: (Prothrombin Time or PT, Activated</li> <li>d. Partial Thromboplastin Time o aPPT)</li> <li>e. Electrocardiogram (ECG)</li> <li>f. Serum electrolytes</li> <li>g. Creatinine</li> <li>h. Neuroimaging: Computed Tomography Scan of the Head (CT-scan) or Magnetic Resonance Imaging of the Brain (MRI)</li> </ul>
<b>5. Dapat ba ipaulit ang neuroimaging (CT scan o MRI) ng pasyente?</b>	Depende sa pagbabago sa karamdaman ng pasyente, kung nagkaroon ng komplikasyon, o upang malaman kung naging epektibo ang ginawang gamutan.